

# ANG BUTAS SA ITIM NA SAPATOS NI LITO

ISINULAT NI
RONEL J. FEDERICO

IGINUHIT NI
JAN ARGIE A. LUMAPAY

# Copyright Page

Published by the
**LEARNING RESOURCE MANAGEMENT (LRM)**
Department of Education
Region VI – Western Visayas
**Schools Division of Silay City**
Silay City

**Copyright 2020**

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency of office wherein work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material has been developed by the Curriculum and Instruction Division (CID) of the Department of Education, Division of Silay City. It can be reproduced for educational purposes only. Derivatives of the work including creating an edited version, an enhancement or a supplementary work are permitted provided all original work is acknowledged and the copyright is attributed. No work may be derived from this material for commercial purposes and profit.

**ANG BUTAS SA ITIM NA SAPATOS NI LITO**

*Written by:*

**RONEL J. FEDERICO**

*Illustrated by:*

**JAN ARGIE A. LUMAPAY**

*LR DEVELOPMENT TEAM*

**CARMEL JOY P. AUJERO**
*EPS – LRM*

**JULIET P. QUEZON,PhD**
*Division Filipino LR Evaluator*

**MARJORIE B. BASTIDA, EdD**
*Division Filipino LR Evaluator*

**JOY P. NAKAMURA**
*PDO-LRM*

**JERRY R. BAGUIOS**
*Division Librarian*

*Recommending Approval:*

**FEDERICO P. PILLON, JR.**
*CID Chief*

*Approved by:*

**CYNTHIA G. DEMAVIVAS, CESO V**
*Schools Division Superintendent*

This first digital edition has been produced for print and online distribution within the Department of Education, Philippines via the Learning Resources (LR) Portal by the Division of Silay City, deped.silay@deped.gov.ph

# LEARNING COMPETENCIES:

1. Naibibigay ang mga sumusuporta ng kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa. (F3PB-IIIe-11.2)

2. Nababago ang sariling damdamin at pananaw sa mga bagay-bagay batay sa binasang teksto (F3PL-0a-j-6)

# ANG BUTAS SA ITIM NA SAPATOS NI LITO

“Mga kapatid gumising na kayo. Nakahanda na ang almusal. Masarap kainin at higupin ang gulay kapag mainit pa.” masayang wika ni Lito.

Siya si Lito, isang masipag at mapagmahal na anak. Panganay sa limang anak ni Aling Sabel at Mang Toper. Pagtitinda ng gulay at pangangalakal ng basura ang bumubuhay sa kanilang pamilya. Sa kabila ng kahirapan, ito ay hindi naging hadlang para sila ay makapag-aral.





Maaga kung pumasok ang magkakapatid. Suot ang kanilang mga pinaglumaang tsinelas ay masaya silang naglalakad papuntang paaralan. Sila ay matulungin sa kapwa at nagunguna rin sa kanilang mga klase. Kapos man sa materyal na bagay, pinapatunayan ng magkakapatid na balang araw sila ay makakatapos at makakakaahon din sa buhay.

Sa tanghalian sama-sama silang kumakain sa isang tabi. Pinaghahatian nila ang isang lata ng sardinas na may ngiti sa mga labi.

"Lito! nandito ka lang pala, kanina pa kita hinahanap.", mungkahi  ni Ginang Barso.

"Magandang tanghali po maam, ano po yung maitutulong ko sa inyo?", tanong ni Lito.

"Nais ko sanang kunin ka sa darating na patimpalak sa pagkukukwento, lagi mo kasi akong napapabilib sa husay mo sa pagbabasa.", sagot ni Ginang Barso.





Sa isip ni Lito ay magiging dagdag alahanin lang ito sa kanyang mga magulang.

“Pagkukwento? Maam, baka di ako payagan ni inay at itay.”, pangamba ni Lito.

“Ako na ang mageensayo sayo at sabihin mo sa inay mo, na ako na rin ang bahala sa susuotin mo.”, pangungumbinsi ni Ginang Barso.

“Sige po maam, pag-uwi ko sasabihin ko agad sa kanila.”, nakangiting wika ni Lito.

“Ou nga pala, may dinala akong ulam para sa inyo.”, masayang sambit ni Ginang Barso.


“Wow! Adobong manok! Paborito po ito ng mga kapatid ko. Salamat po maam!”, galak na tugon ni Lito.

Gabi na kung umuwi ang mga magulang ni Lito galing sa pangangalakal. Nakapaglinis na ng bahay at nakapaghanda na rin ng hapunan ang magkakapatid bago pa man sila dumating.

“Magandang gabi po inay, itay!”, sabay-sabay na pagbati ng magkakapatid.

Agad silang nagmamano at tumutulong sa pagkuha ng dalang gamit ng kanilang magulang.

“Handa na po ang hapunan tay, pwede na po tayong kumain.”, wika ni Kris ang bunso sa magkakapatid.





Habang kumakain ay napagusapan ng mag-anak ang sasalihan ni Lito na pagkukuwento sa paaralan.
“Nay, payagan niyo na po si kuya na sumali sa pagkukwento.”, pangungumbinsi ni Liza.
“Sige na tay, payagan niyo na po si kuya.”, dagdag pa ni Manuel.

“Ou naman mga anak papayagan naming sumali ang kuya ninyo at pupunta pa kami sa araw ng kanyang pagkukwento.”, masayang wika ni Aling Sabel.
“Oh hayan na kuya! Galingan mo ah? Isa kaya ako sa umiidolo sayo.”, galak na wika ni Jessa.

"Tamang tama anak, kanina sa pangangalakal ay may nakita kaming itim na sapatos na tiyak magagamit mo. May butas nga lang sa unahan pero matibay pa naman at maayos tingnan.", masayang wika ni Mang Toper.

"Talaga po itay! Gagamitin ko po iyan at pangako ko po sa inyo na gagalingan ko.", tuwang- tuwang sagot ni Lito.

"Sukatin mo nga anak kung kasya sa iyo."
nakangiting sabi ni aling Sabel.





Hinubad niya ang tsinelas na kinumpuni sa alambre at sinukat ang itim na sapatos na nakita ng kanyang magulang sa pangangalakal. May kung anong saya siyang nararamdaman habang sinusuot ang itim na sapatos. Nangako siya sa sarili na gagawin niya ang lahat para maipagmalaki siya ng kanyang magulang at mga kapatid sa araw ng patimpalak.

“Hoy Lito! Anong pumasok sa isip mo para sumali sa patimpalak? Pagkain nga hindi niyo mabili ” pangungutya ni Janet.

“Tama ka Janet, ni hindi nga sila makasuot ng maayos na damit. Hahaha” dagdag pa ni Sheena.



“Mga ate, kahit mahirap kami, nagaaral kami ng maayos at tinuruan kami ng magandang asal ng aming mga magulang.”, paliwanag ni Kris.

“Hayaan na natin sila Kris, halika na at umuwi na tayo. Dadaan pa tayo kina Aling Marites para kunin ang mga gulay na ititinda natin bukas.”, pabulong na wika ni Lito sa kapatid.




Dumating ang araw ng patimpalak suot ni Lito ang itim na sapatos.

"Lito, may butas ang sapatos mo halika't palitan natin baka pagtawanan ka ng mga manunuod.", alalang wika ni Ginang Barso

"Ayos lang po ito maam." pagtanggi ni Lito

"Sumali po ako sa patimpalak para sa pamilya ko maam. Hindi para sa kung anong sasabihin ng iba. Nais ko rin pong ipakita sa iba na hindi hadlang ang kakulangan namin sa materyal na bagay para patuloy na mangarap.",buong pusong paliwanag ni Lito.

Isang yakap at ngiti ang naging tugon ni Ginang Barso kay Lito sa oras na iyon.



Pagtungtong ni Lito sa entablado ay napansin ng lahat ang butas sa kanyang sapatos. May namuong kunting katahimikan ang paligid. Sa halip na kabahan ay nagumpisa na siyang bumigkas at ipinamalas ang kanyang husay at galing.

“Anak namin yan!”, sigaw ng kanyang magulang na labis ang saya sa ipinakita ng kanilang anak.

“Lito! Lito! Lito!”, masayang hiyawan ng lahat sa ipinamalas na galing ni Lito.

Tinanghal na kampeon si Lito. Pinatunayan ni Lito sa lahat na ang butas sa kanyang itim na sapatos ay ang kahirapang hindi magiging hadlang sa mga pangarap na patuloy niyang aabutin.



# ANG BUTAS SA ITIM NA SAPATOS NI LITO

Sa isang bahay malapit sa tambakan ng basura nakatira ang pamilya ni Lito. Pangangalakal ng basura at pagtitinda ng gulay araw-araw ang kinakayod ng kanyang mga magulang para sa kanilangpangangailangan. Ang kahirapn ay hindi naging hadlqng para makapag-aral ang limang magkakapatid.

Isang araw sa pangangalakal ng kanyang magulang ay may nakita silang itim na sapatos. Ito ay nasa maayos pa na kondisyon subalit kitang-kita ang butas sa  harapan nito. Sa gabing yaon ay sinukat ni Lito ang itim na sapatos at may kung ano siyang hiwagang naramdaman sa butas nito.

***Ano kayang hiwaga ang mayroon sa butas sa itim na sapatos ni Lito?***

